

Kodigo ng Pag-uugali

ASSA ABLOY

Maikling bersyon

Makaranas ng mas ligtas
at mas bukas na mundo



Kodigo ng Pag-uugali

ANG BERSYON NA ITO NG Kodigo ng Pag-uugali ay naglalaman ng buod ng Kodigo ng Pag-uugali. Ibinahagi ito sa lahat ng empleyado. Ang buong bersyon ng Kodigo ng Pag-uugali, na natatanggap ng lahat ng mga tagapamahala at empleyado na nagtatrabaho sa Pagbili, Pagbebenta, HR, Pananalapi/Accounting, mga kinatawan ng unyon at iba pang mga kategorya ayon sa pagpapasya ng kani-kanilang dibisyon, ay magagamit din sa lahat ng empleyado at maaaring konsultahin kung sakaling kailanganin ng paglilinanaw. Parehong available ang buong bersyon at maikling bersyon ng Kodigo ng Pag-uugali sa iba't ibang wika, na makikita sa intranet ng ASSA ABLOY sa ilalim ng HR at sa www.assaabloy.com/codeofconduct.

NANINIWALA ANG ASSA ABLOY SA responsableng panlipunan at etikal na pag-uugali at may responsibilidad sa mga empleyadong naglilingkod sa kumpanya sa buong mundo. Ginagabayan kami ng aming mga pangunahing pinahalalagahan na Empowerment, Inobasyon at Integridad sa aming mga aksyon at pang-araw-araw na desisyon sa negosyo. Higit pa rito, may obligasyon ang ASSA ABLOY at ang mga empleyado nito sa lahat ng stakeholder na sundin ang matataas na pamantayan ng integridad at patas na pakitungo. Ito ang pundasyon at dahilan kung bakit nilikha ng ASSA ABLOY ang Kodigo ng Pag-uugali. Samakatuwid inaasahang sumunod ang lahat ng empleyado sa aming Kodigo ng Pag-uugali.

Kanino inilalapat ang Kodigo ng Pag-uugali?

Nalalapat ang Kodigo ng Pag-uugali sa lahat ng aming empleyado. Mayroon ding Kodigo ng Pa-uugali ng Kasosyo sa Negosyo ang ASSA ABLOY na nalalapat sa lahat ng aming kasosyo sa negosyo na nagbibigay ng mga produkto o serbisyo sa ASSA ABLOY, o nakipag-ugnayan o inutusang kumilos para o sa ngalan ng ASSA ABLOY, gaya ng hal. mga supplier (at mga sub-contractor kung ginagamit habang nakikipag-ugnayan sa ASSA ABLOY), mga consultant, distributor, ahente at iba pang kinatawan.

Legal na pagsunod

Iginagalang ng ASSA ABLOY ang mga batas at regulasyon ng mga bansa kung saan ito nagpapatatko. Hindi pinapalitan ng Kodigo ng Pag-uugali ang batas at kung ang dalawa ay magkasalungat, ang lehislyasyon ang mauuna. Kung ang Kodigo ng Pag-uugali ay nagtatakda ng mas mataas na pamantayan kaysa sa umiiral na batas, ilalapat ang kabaligtaran. Ang Kodigo ng Pag-uugali ay may bisa sa wikang Ingles. Kung may iba't ibang bersyon ng wika ang dokumentong ito, ang mga ito ay dapat ituring na mga pagsasalin lamang.

Pagpapahayag ng mga alalahanin

Kung may alalahanin ang isang empleyado, o nais magreklamo o mag-ulat ng paglabag, dapat ipaalam sa tagapamahala ng linya, isang kinatawan ng lokal na pamamahala o ang lokal na tao na responsable para sa mga isyu sa Kodigo ng Pag-uugali. Kung nahihirapan ang isang empleyado na maglabas ng isyu sa lokal, maaaring tawagan ang ASSA ABLOY Head Office . Maaari ding gamitin ang form na ibinigay sa Apendiks I. Ituturing na kumpidensyal ang impormasyon ng isang empleyado, at walang pagpapaubaya ang ASSA ABLOY para sa paghihiganti laban sa mga empleyado na nag-uulat, nang may mabuting loob, ng mga paglabag sa Kodigo ng Pag-uugali.

Implementasyon at pagsubaybay

Sinusubaybayan ng ASSA ABLOY ang pagpapatupad ng Kodigo ng Pag-uugali. Aasikasuhin kaagad ang mga paglabag.



Stockholm, 4 Pebrero, 2019
Nico Delvaux, Presidente at CEO

1. Etika sa Negosyo

1.1 Pangkalahatan

Iginagalang ng ASSA ABLOY ang mga batas at regulasyon ng mga bansa kung saan ito nagpapatakbo at hinihiling na gawin din ito ng mga empleyado nito. Hindi tumatanggap ang ASSA ABLOY ng anumang mga tiwaling aktibidad, kabilang ang ngunit hindi limitado sa panunuhol, mga salungatan ng interes, pandaraya, pangingikil, paglustay, pagpapayaman sa sarili, at mga labag sa batas na kickback.

Ang karagdagang gabay at detalye ng Etika sa Negosyo ay makikita sa ilalim ng Pagsunod na seksyon at Proteksyon sa Data na seksyon ng ASSA ABLOY intranet.

1.2 Imbestigasyon ng pamahalaan

Nakikipagtulungan ang ASSA ABLOY sa anumang naaangkop na imbestigasyon ng pamahalaan.

1.3 Kompetisyon at mga batas laban sa pagtitiwala

Hindi nakikibahagi ang ASSA ABLOY sa mga kasunduan o gawi laban sa kompetisyon. Ang mga batas laban sa pagtitiwala at kompetisyon ay nag-iiba-iba sa bawat bansa, ngunit pareho ang mga pangunahing prinsipyo. Tinutukoy ito ng Kodigo ng Pag-uugali, at ang karagdagang gabay at detalye ay makikita sa ilalim ng seksyong Pagsunod sa ASSA ABLOY intranet.

Dapat iwasan ng mga empleyado ang anumang uri ng kasunduan laban sa kompetisyon o pinagsama-samang kasanayan, karaniwang pagkakaunawaan o kung hindi man, sa alinman sa aktwal o potensyal na mga kakumpitensya ng ASSA ABLOY. Gayundin, ang pagpapalitan ng impormasyon na sensitibo sa kompetisyon sa pagitan ng mga kakumpitensya at mga potensyal na kakumpitensya ay ilegal sa karamihan ng mga hurisdiksyon. Dapat gawin ang partikular na pag-iingat kapag dumadalo sa mga pulong ng asosasyon ng kalakalan.

Hindi dapat sumang-ayon ang mga empleyado sa mga presyong resale sa mga kasosyo sa negosyo o magdikta ng mga minimum na presyo na sisingilin ng kasosyo sa negosyo para sa mga produkto ng ASSA ABLOY. Ang ASSA ABLOY Programa ng Pagsunod sa Kompetisyon at Kawalan ng tiwala (matatagpuan sa ilalim ng seksyong Pagsunod sa ASSA ABLOY intranet) ay nagbibigay din ng impormasyon sa iba pang uri ng pag-uugali sa mga kostumer at kasosyo sa negosyo na maaaring ituring na ilegal.

1.4 Proteksyon ng data

Tinatrato ng ASSA ABLOY ang personal na data sa isang responsable, mapagkakatiwalaan at sumusunod na paraan. Upang mapadali ang pagsunod, nagpatibay ang ASSA ABLOY ng isang pandaigdigang ASSA ABLOY Data Protection Compliance Program (Programa sa Pagsunod sa Proteksyon ng Data ng ASSA ABLOY) (ang “DPCP”), batay sa kinikilalang pandaigdigang mga prinsipyo sa proteksyon ng data. Dapat sumunod ang mga empleyado ng ASSA ABLOY sa DPCP pati na rin sa mga naaangkop na lokal na batas kapag nagpoproseso ng personal na data.

Ang mga patakaran at pamamaraan ng DPCP ay matatagpuan sa ASSA ABLOY intranet at available sa mga empleyado ng ASSA ABLOY para sa sanggunian.

Mga prinsipyo sa pandaigdigang proteksyon ng data

Dapat sundin kapag nagproseso ang ASSA ABLOY ng personal na data ang mga pandaigdigang prinsipyo sa proteksyon ng data na itinakda sa DPCP. Dapat na makatwiran ang lahat ng pagproseso at ang personal na data ay ginagamit lamang para sa tinukoy, tahasan at lehitimong layunin ng negosyo.

Dapat na sapat, tumpak, napapanahon, ang personal na data, limitado sa kung ano ang kinakailangan para sa layunin at hindi nakaimbak ng mas mahabang panahon kaysa sa kinakailangan para sa mga layunin ng pagproseso. Dapat tiyakin ang naaangkop na seguridad at pagiging kumpidensiyal.

Katwiran para sa pagproseso

Bago ang ASSA ABLOY na magproseso ng personal na data, dapat na tukuyin at idokumento ang tamang katwiran. May apat na pangunahing dahilan na may kaugnayan para sa ASSA ABLOY upang bigyang-katwiran ang pagproseso ng personal na data: legal na obligasyon; pagganap ng isang kontrata sa indibidwal; mga lehitimong interes sa negosyo; at pagsang-ayon.

Transparency at karapatan ng mga indibidwal

Upang matiyak ang patas at malinaw na pagproseso, dapat ipaalam ng ASSA ABLOY sa mga indibidwal kapag pinoproseso ang kanilang personal na data. Ang paggamit ng malinaw at madaling maunawaan na wika, dapat na ipagbigay-alam sa mga indibidwal, halimbawa, ang layunin para sa pagproseso, legal na batayan o katwiran, panahon ng pagpapanatili, pagkakakilanlan ng responsableng negosyo at ang mga naaangkop na karapatan ng indibidwal.

Ang mga kahilingang ginawa ng o sa ngalan ng mga indibidwal na may kaugnayan sa personal na data na pananagutan ng ASSA ABLOY ay dapat i-refer sa taong itinalaga na humawak ng mga naturang kahilingan sa lalong madaling panahon.

Mga kasunduan sa pagproseso ng data

Dapat na may nakasulat na mga kasunduan ang ASSA ABLOY na tumutukoy sa mga obligasyon ng bawat partido patungkol sa pagproseso ng personal na data hindi alintana kung ang ASSA ABLOY ay bumibili ng mga serbisyo mismo o kumikilos bilang supplier na nagsasagawa ng pagproseso sa ngalan ng isa pang enterprise.

Rekord ng mga aktibidad sa pagproseso

Kinakailangan ng mga kumpanya ng ASSA ABLOY na magpanatili ng rekord sa lahat ng aktibidad sa pagproseso ng data.

Seguridad sa personal na data

Batay sa antas ng panganib na kasangkot sa pagproseso ng personal na data, magpapatupad ang ASSA ABLOY ng mga teknikal at pang-organisasyong hakbang upang matiyak ang naaangkop na antas ng seguridad. Kabilang dito ang pag-encrypt, pag-anonymize at pagtiyak ng pagiging kumpidensyal.

Pangangasiwa ng paglabag sa data

Dapat iulat kaagad ang mga natuklasan o pinaghihinalaang mga paglabag sa data na may kaugnayan sa personal na data alinsunod sa mga itinatag na pamamaraan para sa paghawak ng insidente, pagtatasa ng paglabag sa data at abiso.

Mga paglilipat ng personal na data

Maaring paghigpitan o ganap na ipinagbabawal sa ilalim ng lokal na batas ang mga paglilipat ng personal na data sa labas ng bansa kung saan ito nakolekta. Bago maglipat ng personal na data sa labas ng pinagmulang bansa, dapat may dokumentadong legal na batayan ang ASSA ABLOY para sa paglilipat ng data na iyon.

1.5 Laban sa korapsyon

Hindi tumatanggap ng katiwalian sa anumang anyo ang ASSA ABLOY. Ibig sabihin, hal. na pinagbabawalan ng ASSA ABLOY ang mga empleyado nito na gumawa o mag-apruba ng anumang alok, pangako, pagbabayad, o regalo ng anumang bagay na may halaga sa anumang indibidwal, na may layuning maimpluwensyahan nang hindi wasto ang isang desisyon ng indibidwal. Katulad nito, nangangahulugan din ito na pinagbabawalan ang mga empleyado ng ASSA ABLOY na tumanggap ng anumang bagay na may halaga kung may layuning maimpluwensyahan nang hindi wasto ang kanilang paggawa ng desisyon.

Kabilang sa mga pangunahing mensahe ng ASSA ABLOY tungkol sa laban sa korapsyon ang sumusunod:

Libangan at mga regalo

Ang libangan at mga regalo – ibinigay man o natanggap – ay dapat na limitado sa halaga, para sa isang lehitimong layunin ng negosyo, mahusay na naidokumento, at makatwiran. Dapat pangasiwaan ang mga aktibidad sa pagbili at pagbebenta nang may lubos na integridad. Sa maingat na pagsasaalang-alang sa libangan, ang mga regalo at gastos na may mababang halaga ay maaaring maging katanggap-tanggap, maliban kung ang gayong mga kasunduan ay maaaring hindi wastong makaapekto sa resulta ng mga transaksyon sa negosyo. Iwasan ang mga aktibidad na maaaring magpalaki kahit na ang hitsura ng hindi nararapat. Sa partikular, ang mga gastos na kinasasangkutan ng gobyerno o pampublikong opisyal o empleyado, pulitiko o iba pang pampublikong tao o kinatawan ay dapat na masusing subaybayan. Illegal sa maraming bansa ang pagbibigay ng libangan, mga regalo at mga gastos sa naturang gobyerno o mga pampublikong tao.

Mga kinatawan ng negosyo

Maaaring managot ang ASSA ABLOY para sa mga maling gawain ng mga kasosyo sa negosyo na nakipag-ugnayan o inutusang kumilos para o sa ngalan ng ASSA ABLOY. Samakatuwid, dapat na maingat na i-review ang mga ito at gamitin lamang para sa mga lehitimong layunin ng negosyo, sa mga tuntuning makatwiran sa komersyo. Ang mga nakipag-ugnayan para kumilos para o sa ngalan ng ASSA ABLOY ay dapat sumunod sa Kodigo ng Pag-uugali ng Kasosyo sa Negosyo ng ASSA ABLOY.

Diskwento, mga rebate, komisyon at bonus

Maaaring gamitin ang labis na konsesyon sa presyo at kabayaran para mapadali ang panunuhol. Dapat na nakasulat at dapat na makatwiran sa komersyo ang mga tuntunin ng mga kasunduan na ito.

Mga pagbabayad sa pagpapadali

Hindi nagbabayad ang ASSA ABLOY ng tinatawag na pagpapadali o pagbabayad na may pagpapadulas.

Pampulitikang kontribusyon

Hindi gumagawa ng mga pampulitikang kontribusyon ang ASSA ABLOY. Ang indibidwal na pakikilahok sa pulitika, kabilang ang mga donasyon, ay hindi dapat kasangkot sa paggamit ng mga pondo, oras, kagamitan, supply, pasilidad, tatak o pangalan ng ASSA ABLOY.

Mga kontribusyon sa kawanggawa at pag-iisponsor

Sinusuportahan ng ASSA ABLOY ang mga grupo ng kawanggawa para sa mga lehitimong layunin. Ang mga donasyon ay dapat na naglalayong makinabang ang lipunan at sa paraang nagpapakita ng responsibilidad sa panlipunang korporasyon. Dagdag pa, hindi gumagamit ang ASSA ABLOY ng mga kontribusyon sa kawanggawa o mga pag-iisponsor bilang pagkukunwari para sa panunuhol.

Para sa karagdagang gabay, tingnan ang seksyong Pagsunod sa ASSA ABLOY intranet.

1.6 Mga rekord at ulat

Ang integridad ng mga sistema ng pag-iingat ng rekord at pag-uulat ng ASSA ABLOY aang pinakamahalaga. Dapat magkaroon ang mga empleyado ng espesyal na pangangalaga upang matiyak na ang mga talaan ay tama at ganap na inihanda at sinusuri, kung ang mga ito ay para sa panloob o panlabas na paggamit.

1.7 Salungtan ng interes

Dapat iwasan ang salungatan ng interes sa pagitan ng empleyado at ng kumpanya. Sakaling mangyari ang naturang salungatan, o kung may alalahanin na maaaring mangyari, kinakailangang ipaalam ng empleyado sa kumpanya nang nakasulat at talakayin ang bagay sa agarang tagapamahala. Salungatan ng mga interes hinggil sumusunod na lugar:

- Mga aktibidad sa labas ng negosyo
- Personal na interes sa pananalapi
- Sa loob ng impormasyon
- Pagtatrabaho ng, pagbili mula sa, at pagbebenta sa mga miyembro ng pamilya at malalapit na personal na kaibigan

1.8 Kumpidensyal na impormasyon

Anumang impormasyon na, kung ibinunyag, ang mga panganib na maglagay sa ASSA ABLOY sa disbentaha na kompetisyon ay dapat ituring na kumpidensyal at maaari lamang ibunyag sa sinumang nangangailangan ng impormasyon upang maisagawa ang trabaho.

1.9 Mga patent, trademark at copyright

Kinikilala ng ASSA ABLOY na may malaking halaga ang mga tatak at trademark nito. Ang anumang mga bagong imbensyon, proseso, gawa ng may-akda, pag-unlad ng teknolohiya o natatanging solusyon sa mga problema sa negosyo na binuo o natuklasan sa saklaw at panahon ng pagtatrabaho sa ASSA ABLOY ay pag-aari ng ASSA ABLOY.

1.10 Software ng computer

Iginagalang ng ASSA ABLOY ang mga copyright ng program sa computer at sumusunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon hinggil sa paggamit ng software ng computer at umaasa na susundin ng lahat ng empleyado ang mga naaangkop na batas at regulasyon at, halimbawa, hindi kumopya ng anumang mga programa maliban kung partikular na pinahihintulutan ito ng lisensya.

1.11 Mga regulasyon sa kontrol ng pag-export

Ang pagsunod sa mga naaangkop na Export Control Regulations (Mga Regulasyon sa Kontrol ng Pag-export) ay mahalaga sa ASSA ABLOY dahil ang mga regulasyong ito ay kadalasang naglalayong limitahan ang mga aktibidad na hindi sinusuportahan, ng ASSA ABLOY, hal. terorismo.

Makikita ang karagdagang gabay sa ilalim ng seksyong Pagsunod sa ASSA ABLOY intranet.

2. Komunikasyon

2.1 Pangkalahatan

Ang lahat ng komunikasyon sa ngalan ng ASSA ABLOY, anuman ang ginagamit na channel ng komunikasyon, ay kailangang naaayon sa mga halaga at patakaran ng negosyo ng ASSA ABLOY. Dapat na propesyonal, tapat at tama ang mga empleyado ng ASSA ABLOY at palaging nagpapanatili ng pagiging kumpidensyal sa kanilang komunikasyon. Hindi dapat talakayin o ilathala ang sensitibo o hindi ibinubunyag na impormasyon ng kumpanya. Para sa karagdagang gabay, tingnan ang Patakaran sa Panlabas na Pagbubunyag ng ASSA ABLOY, ang Patakaran sa Panloob na Komunikasyon at ang Patakaran sa Pandaigdigang Social Media sa intranet ng ASSA ABLOY.

2.2 Pagsusulatan sa elektronikong pagmemensahe at paggamit ng internet

Dapat makitungo ang komunikasyon sa elektronikong pagmemensahe sa parehong paraan tulad ng iba pang nakasulat na komunikasyon sa negosyo tungkol sa nilalaman, pormal na wika at paghawak ng mga dokumento. Dapat gamitin lamang ang mga serbisyo sa pagmemensahe ng kumpanya at mga paggana ng internet para sa mga layunin ng kumpanya at samakatuwid ang lahat ng trapiko ay pag-aari ng kumpanya. Sa maraming bansa, legal na responsable ang ASSA ABLOY na protektahan ang sarili at ang mga empleyado nito mula sa hindi naaangkop na paggamit ng mga kagamitan na iyon. Samakatuwid, inilalaan ng ASSA ABLOY ang karapatang subaybayan ang paggamit ng e-mail at internet.

2.3 Mga pag-uusap sa telepono

Hindi sinusubaybayan ng ASSA ABLOY ang mga tawag sa telepono, maliban kung para sa mga partikular na dahilan, gaya ng pagsasanay. Paunang pagkakasunduan ang anumang kaso ng pagsubaybay sa pagitan ng empleyado at ng kumpanya. Paunang aabisuhan ang sinumang ikatlong partido tungkol sa pagsubaybay.

3. Mga Karapatang Pantao at Pamantayan sa Paggawa

3.1 Pagpapatrabaho ng bata

Hindi tumatanggap ang ASSA ABLOY ng pagpapatrabaho ng bata. Kinikilala ng ASSA ABLOY ang karapatan ng bawat bata na maprotektahan mula sa pagsasamantala sa ekonomiya at mula sa paggawa ng trabaho na malamang na mapanganib sa kanilang pisikal, mental o espirituwal na kalusugan, panlipunang pag-unlad nakakapinsala sa kanilang moral o, o makagagambala, sa kanilang pag-aaral.

Ang bata sa kontekstong ito ay isang taong mas bata sa 15 taong gulang, o 14 na taong gulang alinsunod sa mga pagbubukod para sa mga umuunlad na bansa na itinakda sa Artikulo 2.4 sa ILO Kumbensyon Numero 138 sa Minimum na Edad. Kung ang nauugnay na pangnasyonal na batas ay nagtakda ng mas mataas na edad, ilalapat ang edad na ito.

Inilalapat ng ilang bansa ang depenisyon ng “mga batang manggagawa” sa mga taong mas mataas sa minimum na edad, na nangangahulugan na maaaring may mga legal na paghihigpit hinggil sa uri ng trabaho na pinapayagan silang gawin.

3.2 Sapilitan o naka-bond na paggawa

Hindi nagpapatrabaho o tumatanggap ang ASSA ABLOY ng anumang uri ng sapilitan o naka-bond na paggawa, mga bilanggo o ilegal na manggagawa. May karapatang umalis lahat ng manggagawa sa kanilang lugar ng trabaho at tirahan (kung ibinigay) nang malaya sa mga oras na hindi sila nagtatrabaho.

3.3 Kalayaan sa asosasyon at sama-samang pakikipagkasundo

May kalayaang sumali ang mga empleyado ng ASSA ABLOY, o hindi sumali, sa isang asosasyon ng malayang pagpili, pati na rin magtatag ng isang asosasyon ng malayang pagpili, upang mag-organisa at makipagkasundo nang sama-sama at indibidwal alinsunod sa mga lokal na batas at regulasyon. Walang empleyado ang dapat magsapanganib na manligalig o gantihan para sa paggamit ng mga karapatang ito.

3.4 Mga kontrata ng manggagawa, oras ng pagtatrabaho at kabayaran

Sumusunod ang ASSA ABLOY sa mga lokal na batas at regulasyon hinggil sa mga kontrata at oras ng pagtatrabaho ng mga manggagawa, kabilang ang overtime at kabayaran sa overtime. Dapat na regular na bayaran ang mga sahod at sumunod sa naaangkop na lokal na batas at sitwasyon sa lokal na merkado. May karapatan ang mga empleyado ng hindi bababa sa isang araw na pahinga sa pitong araw at magpahinga para sa mga itinatag na nasyonal at opisyal na lokal na bakasyon. Dapat bigyan ang mga empleyado ng itinalagang taunang bakasyon, pagbakasyon dahil sa sakit at pagbakasyon dahil sa pagiging ina/ama ng walang anumang negatibong epekto.

3.5 Diskriminasyon, panliligalig at pagkakaiba-iba

Pinahahalagahan at itinataguyod ng ASSA ABLOY ang pagkakaiba-iba at balanse ng kasarian. Nagbibigay ang ASSA ABLOY ng isang kapaligiran sa trabaho kung saan ang lahat ay dapat tratuhin ng may paggalang at dignidad at mabigyan ng patas at pantay na pagkakataon para sa pag-unlad. Samakatuwid, hindi pinahihintulutan ng ASSA ABLOY ang anumang anyo ng diskriminasyon o panliligalig sa lugar ng trabaho dahil sa lahi, etnisidad, oryentasyong sekswal, kasarian, relihiyon, edad, kapansanan, opinyong pampulitika, nasyonalidad o anumang iba pang potensyal na dahilan ng diskriminasyon.

3.6 Mga rekord sa pagtatrabaho at medikal

Pinananatiling kumpidensyal ang mga rekord sa pagtatrabaho at medikal at hindi isisiwalat sa sinumang tao maliban kung kinakailangan ng batas o may nakasulat na pahintulot ng kinauukulang empleyado. Pinapanatiling hiwalay ang mga medikal na rekord ng mga empleyado mula sa lahat ng iba pang mga rekord ng empleyado sa mga nakalock na cabinet o ang katumbas nito.

3.7 Pag-abuso sa alkohol at/o droga

Aktibong gumagana ang ASSA ABLOY upang alisin ang anumang mga panganib sa lugar ng trabaho. Hindi dapat nasa lugar ng kumpanya o sa lugar ng trabaho ang mga empleyado kung sila ay nasa ilalim ng impluwensya ng, o masamang apektado ng, alak, hanggang sa ito ay makapinsala sa kakayahan ng empleyado na gampanan ang kanyang mga tungkulin sa trabaho.

Walang pagpapaubaya ang ASSA ABLOY sa mga droga, at hindi pinapayagan ang mga empleyado nito na nasa lugar ng kumpanya o sa lugar ng trabaho kung sila ay nasa ilalim ng impluwensya ng mga droga.

3.8 Interes ng konsyumer

Tinitiyak ng ASSA ABLOY na natutugunan ang mga naaangkop na kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan para sa mga produkto at serbisyo nito at ang kinakailangan at nauugnay na impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo ay nailathala sa pamamagitan ng mga naaangkop na channel.

3.9 Pakikipag-ugnayan sa komunidad

Nilalayon ng ASSA ABLOY na kumilos bilang isang mabuting mamamayan ng korporasyon saanman ito nagpapatakbo at sumusuporta sa mga lokal, rehiyonal at pandaigdigang komunidad sa mga naaangkop na paraan.

4. Kapitaligiran

4.1 Kapitaligiran at pagpapanatili

Dapat matugunan ng ASSA ABLOY ang mga legal na kinakailangan sa kapitaligiran at inaasahan na ang lahat ng yunit nito ay magkakaroon ng mga pahintulot sa kapitaligiran at lisensya na kailangan para sa kanilang mga operasyon. Inaasahan ang lahat ng empleyado na suportahan at aako ng responsibilidad para sa pagganap ng kapitaligiran ng ASSA ABLOY. Hinihikayat ng ASSA ABLOY ang pagbuo at pagpapalaganap ng mga teknolohiyang pangkalikasan. Inaatasan ng ASSA ABLOY ang lahat ng yunit na may malaking epekto sa kapitaligiran na ipatupad ang mga sertipikadong sistema ng pamamahala sa kapitaligiran.

Patuloy na naghahanap ang ASSA ABLOY ng mga paraan upang bawasan ang pagkonsumo ng mga mapagkukunan, kabilang ang enerhiya, basura at tubig, maiwasan ang polusyon, magkaroon ng mga antas ng ingay sa mga katanggap-tanggap na antas at mapabuti ang pangkalahatang epekto sa kapitaligiran ng mga operasyon at produkto nito sa kahabaan ng value chain. Ang mga kemikal at mapanganib na materyales ay dapat lagyan ng label nang maayos at ligtas na iimbak, at i-recycle, muling gamitin at itapon ng tama. Para sa karagdagang gabay sa paggamit ng mga mapanganib na substance, tingnan ang ASSA ABLOY intranet.

5. Kalusugan at Kaligtasan

5.1 Kapaligiran sa trabaho

Ang ASSA ABLOY ay sistematikong gumagana sa kalusugan at kaligtasan at nakatuon sa pagbibigay ng ligtas na kapaligiran sa trabaho. Ang mga panganib na maaaring magdulot ng mga aksidente o pinsala sa kalusugan at kapakanan ng ating mga empleyado ay dapat mabawasan. Samakatuwid, ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ay dapat kilalanin, suriin at pamahalaan sa pamamagitan ng isang priyoridad na proseso ng pag-aalis ng panganib, mga kontrol sa pag-iinhinyero, at/o mga kontrol na administratibo.

Ang isang ligtas na kapaligiran sa trabaho ay kinabibilangan ng mga paraan, halimbawa, na ang mga lugar ng trabaho ay pinananatiling malinis at walang polusyon, ang mga makinang ginagamit sa produksyon ay ligtas at hindi mapanganib sa kalusugan ng mga empleyado, at ang mga tagubilin tungkol sa paggamit ng personal na proteksyon at kagamitan sa trabaho ay sinusunod. Dagdag pa, ang kapaligiran sa trabaho ay dapat na may mahusay na ilaw, at may temperatura at ingay sa mga katanggap-tanggap na antas. Kapag ang ingay ay lampas sa mga katanggap-tanggap na antas, ang mga personal na kagamitang pang-proteksyon tulad ng proteksyon sa tainga ay dapat gamitin. Ang lahat ng mga yunit ay dapat na magbigay ng sapat at malinis na pagpapalitan na mga silid, washroom at banyo, na hiwalay para sa mga lalaki at babae. Dapat makatanggap ang mga bisita ng ASSA ABLOY ng impormasyon tungkol sa aming mga prinsipyo sa kalusugan at kaligtasan kapag bumibisita sa aming mga pasilidad.

Ang mga kontraktor ng ASSA ABLOY ang namamahala sa kanilang sariling seguridad. Gayunpaman, inaatasan ng ASSA ABLOY ang mga kontraktor na makilahok sa proseso ng kaligtasan ng ASSA ABLOY at magplano para sa iba't ibang sitwasyon ng peligro. Hinihikayat ang mga kontraktor na nakadiskubre ng mga kasanayan sa kalusugan at kaligtasan na hindi naaayon sa mga prinsipyo ng ASSA ABLOY para sa isang ligtas na kapaligiran sa trabaho na ipahayag ang kanilang mga alalahanin.

Dapat magtrabaho ang ASSA ABLOY para sa patas na kondisyon sa pagtatrabaho na nag-uudyok sa lahat ng empleyado na gumanap sa kanilang pinakamahasay.

5.2 Kaligtasan sa gusali at sunog

Ang mga mapanganib na materyal at kagamitan ay dapat na nakaimbak ayon sa naaangkop na mga tuntunin at patakaran. Dapat mayroong malinaw na markang mga emergency exit. Ang mga exit ay hindi dapat naka-block at dapat na maliwanag. Ang lahat ng mga empleyado ay dapat makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga kaayusan sa kaligtasan tulad ng mga emergency exit, mga pamatay ng apoy, kagamitan sa pangunang lunas, atbp. Dapat na ipakita sa bawat palapag ng isang gusali ang isang plano ng paglikas. Dapat na masuri ang mga alarm sa sunog at regular na isinasagawa ang mga drill sa paglikas.

Apendiks I: Ulat ng hindi pagsunod

Alam ko ang isang sitwasyon na maaaring hindi sumusunod sa ASSA ABLOY Kodigo ng Pag-uugali.

Paglalarawan ng potensyal o aktwal na salungatan sa ilalim ng Kodigo ng Pag-uugali:

5.3 Pangunang lunas at pangangalagang medikal

Ang mga kagamitan sa pangunang lunas ay dapat na available sa naaangkop na mga lokasyon, at hindi bababa sa isang tao sa bawat lokasyon ang dapat sanayin sa pangunahing pangunang lunas. Ang isang doktor o nars ay dapat kontakin kung kinakailangan sa kaganapan ng isang aksidente sa lugar. Dapat saklawin ng kumpanya ang mga gastos sa pangangalagang medikal para sa mga pinsalang natamo sa lugar nito kung hindi sila saklaw ng social security o seguro, basta't hindi nilalabag ang mga panuntunan sa kaligtasan.

Pangalan at mga detalye ng contact (opsyonal):

Pakipadala ng ulat na ito sa:
Paggana ng Kodigo ng Pag-uugali
ASSA ABLOY AB
Box 70340
SE-107 23 Stockholm, Sweden

o sa:
code@assaabloy.com

Nakatuon ang ASSA ABLOY na protektahan ang iyong personal na data. Sa Kodigo ng Pag-uugali - Abiso sa Pagkapribado (na makikita mo sa <https://www.assaabloy.com/en/menu/code-of-conduct-privacy-notice/>) mababasa mo ang tungkol sa ASSA ABLOY kung paano nagpoproseso ang ASSA ABLOY at gumagamit ng personal na data na natatanggap namin kaugnay ng isang alalahanin sa Kodigo ng Pag-uugali at kung paano mo kami makokontak kung mayroon kang mga karagdagang tanong tungkol sa aming pagproseso ng iyong personal na data.

Ang ASSA ABLOY Group ay pandaigdigang nangunguna sa mga solusyon sa pag-access. Araw-araw, tinutulungan namin ang mga tao na maging ligtas, secure at makaranas ng mas bukas na mundo.

ASSA ABLOY AB (Publ.)

Address ng koreo:

P.O. Box 70340

SE-107 23 Stockholm

Pisikal na address:

Klarabergsviadukten 90

Telepono: +46(0)8 506 485 00

Fax: +46(0)8 506 485 85

Nakarehistrong Numero:

SE.556059-3575

Nakarehistrong Opisina:

Stockholm, Sweden

assaabloy.com

© 2018